# 소망의 여인들

## Prayer Calander

2025년 6월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para sa pamilya**

Ano ang pinakamahalagang kayamanan sa iyong puso? Anuman ang ating ipinapalagay na tunay at mahalaga ay nagiging kayamanan ng ating puso. Ang kayamanan ay maaring maging idolo. Dahil ang ating mabuting Diyos ay dalisay at banal, nais NIya na tayo ay maging katulad Niya. Dinadala tayo ng Ama sa pugon ng paghihirap upang ang mga karumihan sa ating puso ay masunog. "Linisin ninyo ang inyong puso, kayong pabagu-bago ang isip. (Santiago 4:8). Dadalhin tayo ng Ama sa pugon ng pagdurusa upang ang mga karumihan sa ating puso ay masunog. Ang mga panahon ng pagsubok mula sa Diyos ay mahirap, ngunit pagkatapos ng pagtutuwid, ito ay mamumunga ng katuwiran at kapayapaan.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니다.

**1.** Panginoon, ipagkaloob Mo po ang pangangailangang pangkalusugan para sa mga mga kababaihan at kabataan sa Afghanistan na may problema sa malnutrisyon. Kalingain Mo po ang mga mananampalataya dahil hindi sila makakuha ng trabaho at kulàng ang pagkain. (Job 38:41)

**2.** Bigyan Mo po ng kaaliwan ang mga kabataang nagdurusa dahil sa hiwalayan ng magulang. Ilapit Mo po sila sa Iyo, pagaanin Mo ang sakit at alisin ang udyok ng pagpapakamatay at palibutan Mo sila ng mga mabubuti at tapat na kaibigan. (Matt. 19:13)

**3.** Panginoon, maraming nakatatanda sa bansang Belgium ang walang kaugnayan sa Iyo. Ilapit Mo po sila sa Iyong presensya at tulungang umasa sa Iyo. (Isa. 46:4)

**4.** Panginoon, nawa ay magkaroon ng pagkakasundo ang mga mag-asawang nag nanais ng diborsiyo sa bansang Botswana at sa rehiyon ng katimugang Africa. Loobin Mong ang mga mag-asawa ay matutong magpasakop sa Iyo. (Col. 3:13)

**5.** Ama, nawa ang mga magulang sa Brazil ay maging mabuti at mapagmahal na halimbawa sa kanilang mga anak. Upang ang mga anak ay magkaroon ng kaligtasang nagmumula Kay Hesus. (Eph. 6:4)

**6.** Panginoon, bigyan Mo ng kalakasan at tugunin ang mga pangangailangan ng mga kababaihang iniwan ng kanilang mga asawa sa Cambodia. Sila ay nahihirapang magtaguyod ng kanilang mga anak dahil walang natatanggap na tulong mula sa kanilang dating asawa. (Ps. 54:4)

**7.** Panginoon, Ikaw po ang mamagitan upang mahinto ang patuloy na bride trafficking at sapilitang kasalan dahil sa gender imbalance, sobrang kahirapan at mahinang pagpapatupad ng mga batas. (Deut. 24:7)

**8.** Panginoon, hinihiling namin na ang mga matatanda sa Croatia, lalo na ang mga nalulungkot, ay maalagaan upang maramdaman ang pag-ibig at paggalang ng kanilang pamilya at komunidad. (Ex. 20:12)

**9.** Panginoon, nakikidalamhati kami sa sakit at kahihiyan na dulot ng pagkabaog ng mga mananampalatayang kababaihan sa bansang Eswatini na kanilang nararanasan mula sa pamilya at komunidad. Sa Iyong kahabagan, iparanas Mo po nawa sa kanila ang maging ina. (1 Sam. 1:20)

**10.** Panginoon, nawa ay mahinto ang paulit-ulit na krimen na nagagawa ng mga kabataan sa Finland. Bigyan Mo ng karunungan ang mga magulang at mga guro na kumakausap sa mga Kabataang ito. (Ps. 102:1)

**11.** Ama, bigyan Mo ng kaunawaan ang mga magulang sa mga pangangailangan ng kanilang mga anak upang sila ay maging mabuting huwaran, sa pamamagitan ng pagmamahal at paggalang sa kanilang mga anak. (Col. 3:21)

**12.** Panginoon, itulot Mo nawa na matugunan ang mga kakulangan ng mga batang may espesyal na pangangailangan sa pamamagitan ng kanilang pamilya at ng mga taong may malasakit. (Isa. 41:10)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

**13**. Panginoon, bigyan Mo ng karunungan ang mga Kristianong magulang upang maipakita nila sa kanilang anak ang tunay na larawan ng Diyos nang sa ganoon ay makilala Ka nila at mapalapit sila sa Iyo. (Prov. 22:6)

**14**. Amang nasa langit, magdala Ka na pagkakaisa, paggagalangan at pagtutulungan sa loob ng bawat pamilya at komunidad sa bansang India. (Rom. 15:5)

**15**. Ama, udyukan Mo nawa ang mga samahan Kristiyano at mga simbahan upang kumilos na matulungan ang 24 na milyong hikahos na pamilya sa bansang Indonesia. (1 John 3:17)

**16**. Panginoon, nawa ang mga kababaihang Hapon na nagtataguyod ng kanilang mga anak at nag-aaaruga ng mga may edad ay makatanggap ng tulong na kanilang kailangan, madala nila ang bigatin ng kalooban kay Cristo at makaranas ng kapahingahan. (Ps. 20:2)

**17**. Panginoon bigyan Mo ng karunungan ang aming grupong Kabayle upang matagumpay nilang matulungan ang mga kababaihan at mga pamilyang dumaranas ng pang-aabuso, pagkahiwalay, pagpapahirap at lugmok sa kalungkutan. (Gal. 6:2)

**18**. Ama, magdala Ka nawa ng pagbabago sa bansang Myanmar, upang maputol ang kaugalian ng pagpapakasal ng mga menor de edad na nagiging dahilan upang malimitahan ang kanilang edukasyon at pagkakataon na makapagtrabaho at nagpapataas din ng panganib ng pagbubuntis sa murang edad. (Matt. 18:10)

**19**. Diyos, suportahan Mo po at palakasin ang mga kababaihang Mongolia na dumaranas ng kalungkutan dahil sa kahirapan ng pagbubuntis. Biyayaan Mo po sila ng bunga sa kanilang sinapupunan . (Ps. 113:9)

**20**. Panginoon, palakasin Mo at ipagkaloob ang mga pangangailangan ng mga biyudang Nepali na may kulturang nagbibigay ng maliit na tulong at inaasahan na sila ay manatiling walang asawa. (Ps. 68:6)

**21**. Ama, pasiglahin Mo at palakasin ang mga babaeng walang asawa sa Netherlands. Nawa, ay buksan ng kanilang mga kaibigan at kamag-anak ang kanilang tahanan para sa mga babaeng ito. (Rom. 12:13)

**22**. Panginoon, nawa ang prinsipyo ng Salita ng Diyos ang maging basehan ng relasyon ng mga mag-asawang Kristiano sa Nigeria. Huwag nawang magkaroon ng pagkakataon si Satanas na sirain ang kanilang tahanan. (Eph. 5:21-30)

**23**. Ama, nawa ang mga ulila, mga batang napabayaan at iba pang mga kabataan na nasa laylayan ng lipunan sa North Macedonia ay makatagpo ng pag-ibig, seguridad at suporta mula sa local na mga Kristiano at simbahan. (Ps. 146:9)

**24**. Panginoon, pagkalooban Mo nawa ng pagkakataong umunland ang kabuhayan at magkaroon ng sapat na kita ang mga ina na walang asawa sa Papua New Guinea upang may magamit sila sa mga gastusin ng kanilang mga anak. (Deut. 24:14-15)

**25**. Panginoon, palakasin Mo ang mga hindi kasal na mga mananampalataya sa Romania upang maiwasan ang tukso na mahulog sa mga makasalanang relasyon. Nawa ay matagpuan nila ang kasapatan ng kanilang pangangailangang emosyonal. (Ps. 37:4)

**26**. Diyos, hinihiling naman ang mga mag-asawa sa Servia na nawa ay magkaisa kay Cristo, sa pag-ibig, pagtitiwala at paggalang at nawa ang kanilang tahanan ay maging ligtas na lugar para sa mga batang ipinanganak sa kanila. (Eph. 5:31)

**27**. Ama, pagkalooban Mo nawa ng pang-araw-araw na pangangailangan ang mga bata sa Sourth Africa na nagdurusa dahil sa pagkagutom. Nawa, ay may mga organisasyon na magkakawanggawa na suportahan sila ng masustansyang pagkain at pangangalaga na kailangan nila. (Matt. 6:11)

**28**. Diyos, magdala Ka nawa ng pagkakasundo at kagalingan sa nasirang pag-aasawahan at pamilya sa Tanzania na nagresulta sa pagpapabaya ng mga kababaihan at bata. (2 Cor. 13:11)

**29**. Nawa ay hindi ituring na pabigat ang mga biyuda sa Timor-Leste na nagiging sanhi upang sila ay pabayaan o iwanang mag-isa. Nawa ay tanggapin sila at alagaan ng kanilang pamilya at komunidad. (James 1:27)

**30**. Ama, gumawa Ka po sa puso ng mga asawang lalaki sa Vietnam na nawa ay pahalagahan nila at suportahan ang kanilang mga asawa sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga responsibilidad sa pamilya at pag-aalaga ng mga anak. (Phil. 2:1-2)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**